**Pamagat**: Noong Bumaba ang Pag-ibig Galing sa Langit.

**Texto**: (Luke 10:33) "But a certain Samaritan, as he journeyed, came where he was: and when he saw him, he had compassion on him"

Pagsasalin: Datapuwa't ang isang Samaritano, sa kaniyang paglalakbay, ay dumating sa kanyang kinaroroonan: at nang siya'y makita niya, siya ay nahabag (o siya ay nagkaroon ng kaawaan sa kanya).

**Panimula**:

1. Tinuruan ng Panginoon ang isang abogado kung paano makuha ang buhay na walang hanggan, at angkupin ang lahat ng mga tao bilang kanyang kapit-bahay na nangagailangan ng kanyang awa.
2. Sa pamamagitan ng parabula o talinghaga, sinagot ng Panginoon ang tanong ng abogado sa isang paraan na malaman at maunawaan ng abogado ang tunay na kapit-bahay. Ito ay ang sinoman na nagpapakita ng tunay na pag-ibig, awa, at pagmamalasakit sa kanyang kapwang tao, maliban ang ano mang pinsala o hindi matwid na palagay sa taong iyon.
3. Napakalayo pala nitong abogado sa buhay na walang hanggan sapagkat wala siyang kahabagan sa kapwa nyang tao.
4. Inilalarawan din nitong parabula ang dakilang pag-ibig ng Diyos sa makasalanang tao, sapagkat gaya nitong isang Samaritano na nagpakita ng pagmamahal sa isang taong hindi niya kilala, ay gayun din ang Panginoong Jesu-Cristo noong pinatunayan niya ang kanyang dakilang pag-ibig sa aating lahat. Nais ko pong bigyan pansin ang mga puntos na magkahilera o magkatulad sa kaligtasan at nawa makita natin o maunawaan natin ang dakilang pag-ibig ng Diyos sa atin.

**I. Ang Kahabag-habag na Kalagayan ng mga Makasalanang Tao**.

1. (v.30) May isang taong bumaba – Noong pinili ni Adam ang kasalanan, bumagsak po ang buong katauhan sa kasalanan. (cf. Rom. 5:12)

2. (v.30) Siya ay nahulog sa kamay ng mga tulisan (magnanakaw), hinubaran siya ng kanyang kasuutan, at sinugatan siya (binugbog), at lumisan sila (umalis), iniwan siya na halos-patay (nagaagaw buhay). – ganoon rin po ang buhay ng taong makasalanan. Sa kaptosan iiwanan ka ng demonyo at ng kasalanan na halos kang patay. (Jn. 3:18 - hinahatulan; 3:36 poot ng Diyos; Eph. 2:1 - patay; Rom. 6:17 – alipin ng kasalanan; Rev. 20:15 – dagatdagatang apoy).

3. (v.31) May isang pari na dumating pero noong nakita niya ang tao, dumaan siya sa kabilang panig (iniwasan niya ang kawawang tao). Meron din isang Levita, tumingin siya at siya rin ay dumaan sa kabilang panig. – ito po ay larawan ng walang katuturan na relihiyon at tulong ng tao. (Gal. 2:16; Eph. 2:9; Titus 3:5)

**II. Ang Dakilang Pag-ibig ng Dayuhan**.

1. (v.33) Dumating sa kaniyang kinaroroonan – (iniwan niya ang Langit, nagkatawang tao, ipinasan sa kanya ang ating mga kasalanan, namatay, inilibing,).

2. (v.33) Siya ay nahabag (Lam. 3:22-23; six times in Matt. Jesus is recorded to have expressed compassion.; 2 Cor. 13:11 God of love; 1 Jn. 4:8 God is love; Eph. 2:4; Rom. 5:8)

3. (v.34) At lumapit sa kaniya, at tinalian ang kaniyang mga sugat, na binuhusan ng langis at alak; at siya'y isinakay sa kaniyang sariling hayop, at dinala siya sa bahay-tuluyan, at siya'y inalagaan.

**Katapusan**:

1. Gayon na lamang ang pagsinta o pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan…(cf. Juan 3:16).
2. Zech. 9:9 "Narito, ang inyong Hari ay dumarating sa inyo, mapakumbaba at nakasakay sa isang asno…. Ang Panginoong Jesu-Cristo pala ay ang ating Mabait na Samaritano.